# Tips para Pumatok ang Iyong Negosyo Online



Para matiyak ang tagumpay, narito ang ilang tips na dapat isaalang-alang:

1. Alamin ang iyong target market.
2. Siguraduhin ang kalidad ng produkto o serbisyong iniaalok.
3. Ibenta ang produkto o serbisyo sa tamang presyo.
4. Maging totoo sa mga feature ng produkto o serbisyong ibinebenta.
5. Gumawa ng iba't ibang social media account upang makilala ang negosyo.

# Saan maaaring makahingi ng karagdagang tulong?




Para sa mga karagdagang suporta o tanong sa paggawa ng inyong website, maaaring gawin ang mga sumusunod:

1. Basahin and frequently asked questions sa https://www.easybuilder.pro/faq
2. Pindutin ang interactive help wizard.
3. Gumawa ng support ticket pagkatapos magsign in.
4. Magtanong sa Facebook page http://www.facebook.com/easybuilder.platform
5. Mag-email sa wecare@easybuilder.pro

dti PHILIPPINES

TRABAHO NEGOSYO KONSYUMER

**Para sa karagdagang impormasyon, magtungo sa pinakamalapit na Negosyo Center o DTI Provincial Offices sa inyong lugar. Puntahan ang aming website para sa directory:**

dti.gov.ph/nc-directory at dti.gov.ph/contact

DTI Direct: 1-DTI (384) ; 0917.834.3330

DTI.Philippines

@DTIPhilippines

@DTI.Philippines

DTIPhilippines

dti.gov.ph

Prepared by:
BUREAU OF SMALL AND MEDIUM ENTERPRISE DEVELOPMENT (BSMED)
2F Trade and Industry Bldg., 361 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City

# Magnegosyo Online



# Nais mo bang magnegosyo online?

Ang pag-usbong ng internet ay nagdulot ng pagbabago sa ating lipunan. Sa larangan ng business, nagdala ito ng alternatibong pagkakakitaan sa pamamagitan ng online na pagnenegosyo. Kaugnay ng mga pagbabagong ito, layunin ng Department of Trade and Industry-Bureau of Small and Medium Enterprise Development (DTI)-BSMED) sa tulong ng EASYBUILDER.PRO na mapalakas ang digital economy sa ating bansa sa pamamagitan ng pagpapabilis ng transisyon patungong e-commerce. Kaugnay nito, nagbigay ang EasyBuilder.Pro ng promo code upang libreng makagawa ng website ang mga MSMEs.

# Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng website?



Unti-unting nagiging pangangailangan ang pagkakaroon ng sariling website para sa mga negosyo dahil sa iba't ibang oportunidad katulad ng:

1. Parte ng advertising campaign upang maabot ang mas malawak na merkado
2. Pagkakaroon ng online presence na makatutulong sa kredibilidad ng negosyo.
3. Ito ay bukas at accessible para sa lahat at sa anumang araw o oras.
4. Nagsisilbi itong data center.
5. Nagbibigay ng self-service customer support.
6. Maaari ding maging option o stratehiya upang maagang makapgumpisa muli matapos ang trahedya o kalamidad

# Ano ang EasyBuilder.Pro?



Ang EasyBuilder.Pro ay isang website building platform na dinisenyo para sa mga non-Information Technology professional. Layunin nitong mapadali ang paggawa ng website at pagpasok sa online business.

Sa pamamagitan ng drag-and-drop feature ng website na ito, makagagawa ng sariling website sa loob lamang ng ilang minuto. Mayroon silang mga template para sa paggawa ng iba't ibang webpages tulad ng sa pagnenegosyo o mga pagdiriwang.

easybuilder.pro

# Ano ang mga hakbang sa paggawa ng sariling website?

Maaaring gumawa ng sariling website sa pamamagitan ng simple at mabilis na paraan. Magtungo sa link ng EasyBuilder.pro at sundin ang mga sumusunod na hakbang:

**Step 1** Magsign Up

I-scan at gamitin ang promocode

Scan me

7THH1-07X0-38MG-2189

PHP500 VALUE. FREE PROMO CODE

**7THH1-07X0-38MG-2189**

Notes:

- promo code valid for 1-month free subscription
- promo code should be activated before 01-MAY-2020
- total 1000 promo codes issued (PHP500 000 value)

**Step 2** Mamili ng Domain



**Step 3** Mamili ng Template



**Step 4** Dagdagan ng Content



**Step 5** I-Publish!

